2021/8/25

Para sa mga magulang/tagapag-alaga

岡崎市立六ツ美西部小学校
校長　　寺島　真澄

Tungkol sa mga hakbang para sa pagsisimula ng ikalawang semester at masusing hakbang laban sa mga bagong impeksyon sa Corona virus(Paunawa at kahilingan)

Ang bilang ng mga nahawahan ng sakit na ito ay patuloy na dumarami sa buong lugar dito sa ating bansa, mayroon ding pag-aalala na ang nakakahawang sakit na ito ay patuloy na kakalat sa mga bata, kung kayat inabisuhan kami ng Lupon ng Edukasyon ng Okazaki city nuong Agosto 24 taong kasalukuyan tungkol sa mga gagawing hakbang isa na rito ang 「paghahati-hati ng klase at 「pagpapalakas ng paglaban upang makontrol ang pagkalat ng virus」 na ito.

Kung kayat mangyari po lamang na pakitunghayan ang mga nakasulat na detalye at hinihiling po namin ang inyong pang-unawa at pakikipagtulungan.

記

1　Pangunahing panukala o ideya

Ang mga pagbabago at sitwasyon ng pasukan makalipas ang mahabang bakasyon at pag-aalala sa nakakahawang sakit na ito ay maaaring makapagbigay ng malaking pagkabalisa at pasanin sa pisikal at mental na kalusugan ng mga mag-aaral gayundin sa lahat ng mga magulang.

Gayunpaman sa kabila ng lahat ng hinaharap na sitwasyong ito nararapat lamang na unahing isipin ang kaligtasan at kapakanan ng lahat ng mag-aaral upang masimulang muli ang pagbabalik ng klase. At dahil po sa sitwasyong ito amin pong napagpasyahan na sa unang 3 araw ng pagbabalik ng klase ngayong ika-lawang semester ay hati-hatiin 「Bunsan toukou」 ang mga bata o mag-aaral sa kanilang pagpasok, upang kahit papaano ay mabawasan ang pagkokontakan sa isat-isa at makontrol ang paglaganap ng corona virus.

Patuloy po kaming nananawagan at hinihikayat po namin ang lahat ng mga magulang na mangyari po sanang ipagpatuloy ninyo ang inyong pakikipagkaisa sa ating paaralan.

2　Tungkol sa gagawing hakbang sa pagsisimula ng klase ngayong ika-lawang semester.

**(１) Grupo grupo o hati-hati ang pagpasok sa unang 3araw na pagsisimula ng klase.**

**① Ito ay sisimulan sa 8/２７ (biyernes)、8/３０ (lunes)、at 8/３１ (martes)**

**・Ang mga bata ay kailangan pumasok sa araw at oras lamang na ibinigay ng guro para sa 3araw na ito.**

| | Tsugakudann |
|---|---|
| 27(biyernes) | Akasshibu 1-ku/2 ku |
| 30(lunes) | Akasahibu 3ku/4ku/5ku, Nakanogou |
| 31(martes) | Miyazi, hossyouzi |

・Hindi ibibilang na absent ang bata kahit ang bata man ay lumiban sa klase na dapat nyang daluhan.

② Paano ang magiging pagpasok　Parehas sa dati.

③ **Ang mga guro ay magbibigay ng schedule sa mga bata kung anong oras uumpisahan at hanggang anong oras sila na dapat manatili sa paaralan.**

**(AM8:15～Bandang 11:00)**

④ Chechekin ng guro ang mga ginawang homework na dapat ipasa ng mga bata sa ika-lawang semester, gayundin iinspeksyunin ang kanilang tablett, at kukunsul tahin ng guro ang kalusugan ng kanyang mag-aaral kung kinakailangan o nararapat.

※ Hindi isasagawa ang pagtuturo o normal na klase

Mga pagmamay-ari　：＊ Takdang aralin　＊ Mga kagamitan sa pagsusulat
＊ Renraku-baggu

**※ Walang school lunch.**
**Ang tanghalian ay mula sa Setyembre 1.**
**◎Ika-1 ng Setyembre：Ang mga mag-aaral sa grade 5 lamang ang mayroong mga kahon ng tanghalian.**

※ Ang child center ay normal na bukas sa 8/27(biyernes)at 8/31 (martes)at para naman sa araw ng lunes 8/30 ang mga bata na nakaischedule na pumunta sa center ay maaaring manatili sa paaralan hanggang sa dumating ang oras ng kanilang pagpunta sa center, subalit kailangan sila ay pagdalhin ng baon o (obento)

※ Maaari din ninyong papasukin ang inyong anak kahit hindi sya nakaischedule na pumasok, subalit kailangan ninyo siyang ihatid at sundo at kailangan din itawag muna ito sa paaralan.

（２） Ang araw ng school opening ceremony ay binago ito ay isasagawa sa September.1 araw ng (miyerkules)

3　Tungkol sa mga hakbang na isasagawa para malabanan ang corona virus.

（１） Upang hindi mahawahan

① Panatilihin at ugaliin sa loob ng bahay ang palagiang paghuhugas ng kamay at gawin ang cough etiquette.

Ang paghuhugas ng kamay lalo na pag-uwi ng bahay, matapos mag C.R at bago o matapos kumain ay napakahalaga kung kayat ugaliin ito sa araw-araw. Mangyari ding gumamit ng panyolito, face mask kung uubo at babahin kahit nasa loob man ng bahay.

② Pagpahalagahan at ingatan ang Immune system.

Matulog ng nasa hustong oras, gawin ang pag eehersisyo, kumain ng mga mabitaminang pagkain, at magkaroon ng kamalayan o maconscious sa kalusugan.

③ Umiwas pumunta o mamasyal sa mga lugar na matao.

Iwasan ang pagpunta kung saan saan at bawasan ang pakikipagkita sa tao, maliban lamang kung ito ay hindi maiiwasan.

（２） Upang maiwasan makapaglabas ng virus mula sa tahanan.

① Manatili sa loob ng bahay kung may nararamdaman o masama ang pakiramdam, gayundin kung may kasambahay na may karamdaman ay huwag ng pilitin pang lumabas.

② Kung may kasambahay na sumasailalim sa PCR test ay mangyaring huwag lumabas at manatili sa loob ng bahay hanggang hindi lumalabas ang resulta ng test. Maaari lang lumabas kung ang resulta ng PCR test ay 「NEGATIVE」

（３） Upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa paaralan.

① Ipapatupad namin ang mga nilalaman at isinasalarawan ang Level 3 Area ng Ministry of Education,Culture,Sports,Science& Technology. 「Hygiene Management Manual」

② Ipatutupad din ang pag-iwas sa 「3mitsu」 gayun din sa 「１mitsu」

４ Atbp.

○ Ipapatupad ang online class matapos ang ika-lawang semester kung ito ay kakailanganin. Ang mga detalye ay ibabalita sa ibang araw.

○ Hindi rin isasagawa ang mga bukatsu o extra curricular activities hanggang sa 8/31(martes)

Aming ipagpapatuloy ang pagpapatupad ng mga alituntunin upang mapigilan at makontrol ang paglaganap ng corona virus sa paaralan, kung kayat hinihiling namin sa lahat ng maga magulang ang pang-unawa at pakikipagtulungan sa amin upang mapigil natin ang paglaganap ng virus na ito.

Para sa inyong karagdagang impormasyon maaari kayong tumawag at makipag-ugnayan sa ating paaralan sa numero○○—○○○○at hanapin po lamang ang assistant principal o kyouto sensei

(連絡先：岡崎市立六ツ美西部小学校　教頭　☎７１－２９７１)